2 Pagdidiborsiyo

2-2 Diborsiyo at ang mga anak

Ayon sa batas ng Japan, kapag may anak na di pa umaabot sa edad na 20 taong gulang, kung hindi mapagpasiyahan ang magulang na pagkakalooban ng pananagutan sa pangangalaga ng anak, hindi tatanggapin ang mga rikon todoke o dokumento para sa pagrehistro ng pagpapadiborsiyo.

Sa rehistro ng pamilya, ang irerehistrong ama ng bata na ipinanganak sa loob ng 300 araw matapos ang diborsiyo ay ang dating asawa (Article 772 ng Civil Code). Kapag ang tunay na ama ay naiiba, kailangan sumampa ng kaso upang mapatunayan ang pagkawalang-relasyon ng dating asawa sa anak..

Kapag dinala sa ibang bansa ng isa sa mga magulang ang bata na hindi napagpasiyahan kung sino ang may karapatan sa pagiging magulang, ito ay matuturing na pag-kidnap at ibabalik agad ang bata sa pinangalingang bansa. (Hague Convention, 1980, tungkol sa pagdukot ng mga bata)